

# 1

“Heto na siya, Brent,” ani Carlotta Generoso sa apo sa namayapang kapatid nito na si Salvador. Hinawakan nito ang kamay ng binata na nakaupo sa paboritong puwesto sa yate. Ang isang kamay naman nito ay inilahad sa kanya—kay Helena na chef sa paglalayag na iyon. “Halika dito, Hija,” anang matandang babae sa kanya.

Nagkamali ng hakbang ang dalaga habang papasok sa dining area at ipinanalangin niyang sana ay hindi iyon napansin ng mga ito. Mabuti na lang at hindi napaano ang tray ng pagkain na dala niya.

Kahit nakatalikod ito ay kilala niya ang kasama ni Carlotta. Walang iba kundi ang presidente at CEO ng *Generoso, Inc.* na si Brent Generoso. He was photogenic, all right. Hindi lang iilang beses na nakita niya ang mukha nito sa business at lifestyle pages ng diyaryo.

Tumingin ito sa gawi niya. Mas guwapo pala ito sa personal. Napakaelegante ng dating nito sa suot na business suit. Sumulyap ito sa tiyahin bago muling itinuon ang pansin sa kanya. Carlotta Generoso was his great-aunt. Sa kagustuhan na rin ng babae ay

'Auntie' ang tawag nito sa matanda at hindi 'Lola'. Bahagyang naningkit ang mga mata nito, pero hindi naalis ang ngiting iniukol ni Brent sa kanya.

Nakatitig lang si Helena. Gusto niyang kabahan sa ngiting iyon. May dimples sa magkabilang pisngi nito. He seemed so dangerous in person. Napansin niya ang haba ng mga pilik nito. At ang buhok nito, it was so dark. Pero kumikinang iyon pag natatamaan ng sinag ng araw.

Paano ba niya nakuhang ipagmayabang sa lolo niyang may-sakit na asawa niya ang napakaguwapong lalaking ito? Dapat ay ipaputol niya ang kanyang dila dahil sa kasinungalingang iyon. Magkaibang-magkaiba ang mundong ginagalawan nilang dalawa. Malamang ay isang taong may-sinasabi sa lipunan o sikat na artista ang pakakasalan nito. Hindi isang hamak na cook na kagaya niya!

"Ah, 'eto ang aking anghel sa kitchen, Brent," ani Carlotta.

Direktang nakatingin na sa kanya ngayon si Brent, at wala siyang maisip na masabi rito. Ni hindi siya makangiti sa amo. Nanlaki ang kanyang mga mata nang hagurin ng tingin nito ang kanyang kabuuan, mula sa puti niyang sapatos paakyat sa puti niyang shorts, puting shirt at sa namumula niyang

mga pisngi.

Nakuha niyang alisin ang bara sa lalamunan at magsalita. “Kaya ko pong gawin kahit ano ang gusto ninyong ipahanda, Sir.”

Umarko ang kilay nito. “Mabuti naman.” Tumingin na ito sa tiyahin. Obviously, he was dismissing her.

Pero tinawag siya ng matanda. “Helena, Hija, halika rito sa tabi ko. I want you to meet my grandnephew properly.” Hinawakan nito ang pisngi ng binata. “Ayokong umalis kayo ngayon sa cruise na ito nang hindi ko man lang siya nakakausap o nakikita. Kung hindi lang sa importanteng charity event na dadaluhan ko ay sasama ako sa inyo.” Bumuntong-hininga ito. “Napakadalang kung bisitahin ako ni Brent. Hindi ko na nga maiwasang magtampo sa kanya.”

Bumaling ito sa lalaki. “Alam mo, Brent, nagtataka ako kung paano mo napapamahalaan nang maayos ang kompanya gayong linggo-linggo yata ay nasa lifestyle pages ng diyaryo ang larawan mo, with a different woman on your arm each time, may I add.” Iwinasiwas nito ang kanang hintuturo kay Brent. “Isang bagay pa. Ang reputasyon mo bilang tyrant sa board of directors ay lumalaking issue na. Baka kailangan mo nang gawan ng paraan.”

Hindi na nakikita ni Helena ang mukha ni Brent, pero may pakiramdam siyang napawi ang ngiti sa labi nito sa sinabi ng tiyahin. Ayaw niya munang lumapit dito.

Muli siyang tinawag ni Carlotta. “Helena, halika nga. Bakit parang natatakot kang lumapit sa amin? Siguro naman ay nagbabasa ka rin ng diyaryo at alam mo ang tinutukoy ko. Sabihin mo sa apo ko, tama ako, hindi ba?”

“I... uhm....” Ang tanging nagawa niya ay lumapit na lamang sa matandang babae. Hindi na niya nakompleto ang sasabihin dahil ibinaling ni Brent ang tingin nito sa kanya, his eyes hard on her.

Tiningnan nito ang dala niyang tray. “Iwan mo na lang iyang mga isi-serve mo, Miss...?”

“Bernardino. Miss Bernardino po,” tugon ni Helena.

Tumango ito. “Sigurado akong may iba ka pang gagawin.”

Helena started serving the tray’s contents. Dapat ay kanina pa niya ginawa iyon. Ayaw na niyang magtagal isang minuto pa sa presence ni Brent.

“Kung ganyan ang magiging ugali mo parati,

Brent, hindi ko na alam kung ano pa'ng magagawa ko para sa iyo.” Sumimsim ng orange juice ang matandang babae. Patuloy pa rin ito sa pagpapaalala sa binata. “Alam mo siguro na mas gusto ng mga pinsan mo si Josef para pamahalaan ang board. Nag-aalala na ako sa abilidad mo na makontrol ang negosyo kahit pa sabihin na forty-one percent ang stock na pag-aari mo. Well, you always have my five percent solidly behind you. Pero kilala mo si Josef. Loyal siya sa kompanya gaya ng tatay niya n’ung nabubuhay pa ito. At sa totoo lang, malaki ang takot sa iyo ng board mo.”

Kumunot ang noo ni Brent. “Nakikinig ka na rin kay Josef, Auntie,” kalmadong sagot nito. “At kung agresibo man ako para sa board, iyon ang dahilan kung bakit successful ang kompanya ngayon.”

“Hindi sa ganoon, pero kinukuha ni Josef ang simpatya ng board. Iyon ang style na umuubra sa kanila. Kung ako ikaw, hindi ko babale-walain ang payo ko. Alam ko, Brent, na bihira kang humihingi o tumatanggap ng payo at sanay kang mag-isa dahil...” Tumigil ito, tila nalungkot, saka nagpatuloy, “Sometimes you need to be conservative in dealing with them. Mas gusto nila iyon. And get that handsome face of yours out of the gossip columns! Pag hindi mo binawasan ang oras mo sa mga babaeng iyan, baka

for the first time sa history ng kompanya ay iba ang maging Chief Executive Officer pag napagkaisahan ka ng board.”

Ibinababa noon ni Helena ang salad sa lamesa. Alam niyang hindi siya dapat nakikinig sa pinaguusapan ng mga ito. Base sa nababasa niya sa mukha ni Brent, pinipigilan nito ang magalit.

Sinikap niyang manatiling nakatungo pero nakakaintriga ang narinig niya. Puwedeng maalis sa puwesto bilang CEO ng *Generoso, Inc.* si Brent? Hmm... pag nagtagumpay ang plano niya, tutulong siya sa movement na iyon!

Nang tumuwid siya upang bumalik sa kitchen, hinagip ni Brent ang mga mata niya. Hindi niya inaasahan iyon. Tumalon yata ang puso niya papunta sa kanyang bibig. May iritasyon siyang nakita sa mga mata nito.

“May kailangan pa po kayo, Sir?” Nakahinga siya nang maluwag dahil panatag ang boses niya. Hindi kasi ganoon ang kanyang nararamdaman.

Para sa kanya, nakarating ang mga Generoso sa kinaroroonan ng mga ito dahil may mga tao silang tinapakan, mga inosente kagaya ng kanyang lolo. Panahon na siguro para mabigyan ng hustisya iyon.

Sana nga ay iba na ang mamahala sa kompanya ng mga ito! Pag nangyari iyon ay para na rin siyang nakaganti.

“Wala na. Huwag mo na lang ako popoin. Mas matanda nga siguro ako sa iyo, but I’m sure we belong to the same generation,” sagot nito.

“O-opo. I mean... yes, Sir.”

Bumaling na ito sa matandang babae. “Auntie, naging progresibo ang kompanya sa ilalim ng pamamahala ko sa loob ng nakalipas na limang taon. We have had a major profit increase every year. Si Josef, ang alam lang niya ay um-oo nang um-oo sa board. Natitiyak kong kung siya ang magiging presidente ay babagsak ang kompanya sa loob ng dalawang taon at iyon ay—”

“Ay, siyanga pala,” putol ni Carlotta, “Helena, Hija, nakalimutan mong sabihin kung ano pa ang inihanda mo bukod dito.”

Nag-aalangang bumalik si Helena at lumapit sa matanda. Parang hindi nito napansin na pinagsabihan ito ng apo. Sinikap niyang ituon ang pansin kay Carlotta, pero tila may sariling isip ang kanyang mga mata na nagpipilit makita si Brent mula sa mga sulok niyon.

Halatang nagpipigil ito ng galit at walang pakialam kung anuman ang main course para sa pananghalian. Huminga si Helena nang malalim bago nagsalita.

“Steamed clams with butter po, may kasamang chopped parsley, green onions, fresh herbs...” Itinuloy lang niya ang paglalarawan sa mga lutuing kanyang inihanda, ang tanging iniisip ay makaalis doon. Nahihirapan siyang mag-concentrate sa menu. Napatingin siyang muli sa blue- black hair ni Brent. Ano kaya ang pakiramdam niyon sa ilalim ng kanyang mga daliri?

“May buhok ang kakainin natin for dessert?” tili ni Carlotta.

“Po?” Natauhan ang dalaga nang marinig ang boses ng matanda, pero hindi niya sigurado kung tama ang narinig niyang tanong. “Ano po iyon, Ma’am?”

Isinandal ni Brent ang sarili sa upuan. “Parang hindi gusto ni Auntie na buhok ang inihanda mo para sa dessert. Ano ’yun, balut a la pobre?” Nawala na ang galit sa mga mata nito at pakiramdam ni Helena ay na-amuse ito sa pagkakadulas ng dila niya. May ideya na siya na baka nangyari na noon na may pumuri sa buhok nito, pero hindi naman nagpakatanga na



kagaya niya.

She cleared her throat. “Uhm... strawberry cheesecake po ang dessert, Ma’am Carlotta. Baka po nagkamali kayo ng dinig.” Kasinungalingan iyon pero hindi yata matatanggap ng pride niya na hindi man lang niya subukang itama ang maling nasabi.

“Yes,” saad ng binata. “Strawberry cheesecake nga ang sinabi niya.”

Binalingan niya ito. Nangingkit ang mga mata nito at wala na ang amusement sa mga iyon para sa kanya. Huli nito ang kanyang pagsisinungaling.

*Akala mo kung sino ka, kung tutuusin sa ginawa ng pamilya mo sa lolo ko...* Pinigilan niya ang sarili sa pag-iisip ng mapait na nakaraan. Iniiwas na lamang niya ang mga mata sa lalaki.

She was upset now. Nanginginig ang kanyang mga kamay at hindi niya mapagsalikop ang mga iyon dahil may hawak siyang food tray sa isa kamay. Hindi siya magaling magsinungaling—kahit sa maliliit na bagay lang. At ang lalaking kaharap niya, parang nababasa ang isip ng mga taong kausap. Alam yata nito kapag nagsisinungaling ang kaharap.

“Now, I like that,” ani Carlotta. “Sana naghanda ka ng marami.”

Tumango lamang si Helena at tumalikod na.

---

May isang buwan na siyang nagtatrabaho bilang chef ng yateng iyon, pero wala pa ring nakakatuklas sa totoong motibo ni Helena. Ang isipin na iisahan niya si Brent Generoso ay sapat na para manginig ang kanyang mga tuhod.

Kahit ano ang mangyari, determinado siyang linisin ang pangalan ng lolo niya bago man lamang ito mamatay. Pero wala pa ring nangyayari sa plano niya simula nang magtrabaho siya para kay Carlotta apat na linggo na ang nakakaraan. At lalong wala pa ring pagbabago ngayong aalis na ang matanda at nandito na ang 'asawa' niya.

Hindi niya alam kung kaya pa niyang ipagpatuloy ang pagpapanggap na gagawin. Paano niya makukuhang tumingin sa mapanuring mga mata ni Brent araw-araw?

Malubha na ang kalagayan ng lolo niya. Sinabihan na siya ng doctor na baka ilang buwan na lamang ang itatagal ng matanda para mabuhay. Napagdesisyunan ni Helena na kung hindi man niya malaman ang katotohanan sa takdang oras, gagawin niya ang lahat para pasayahin ang kanyang

lolo. Kaya sinabi niya rito na sa paghahanap niya ng trabaho ay nakilala niya si Brent Generoso sa yate nito at nagpasya silang magpakasal. Itinawag niya ang kasinungalingang iyon sa matanda at tuwing may pagkakataon ay tinatawagan niya ito.

Sa halip na alalahanin ang posibleng mangyari sa kanya sakaling may makaalam ng kanyang plano, itinuon niya ang sarili sa positibong pag-iisip.

Twenty-two years old na siya, Food Technology ang major niya noong college at nag-aral din siya ng Culinary Arts sa isang institute. Kung tutuusin ay wala siyang experience sa trabaho, pero siya ang pinili ni Carlotta dahil marami itong health concerns at hindi makasabay ang ibang aplikante sa mga iyon. Pero dahil isa rin iyon sa pinagtutuunan ng pansin ni Helena ay ibinigay sa kanya ni Carlotta ang posisyon bilang chef sa yate ni Brent.

Noong una ay iisa ang opinion niya sa mga Generoso: ganid at mapang-mata. Pero nagustuhan niya si Carlotta una pa lang at naiinis siya sa kanyang sarili sa panlolokong ginagawa at gagawin pa. Alam niyang hindi ito kasali sa pag-frame up sa kanyang lolo noong nagtatrabaho pa ito sa *Generoso, Inc.* Ayaw niyang saktan ang matandang babae.

Naisip niya kung paanong tinanggap na lamang

ng kanyang lolo ang kapalaran nito nang akusahan ito ng abuelo ni Brent ng ‘mismanagement’. Si Salvador Generoso, ang lolo ni Brent, ang nagpaalis sa lolo niyang si Mateo Estrella sa kompanya. Sa kuwento ni Mateo ay ‘embezzlement’ ang terminong ginamit ni Salvador.

Pandarambong? Pandaraya? Hindi iyon magagawa ng kanyang lolo! Pero hindi kinalaban ng matanda ang lolo ni Brent. Sinabi ni Salvador na bibilhin nito ang share ni Mateo sa stock ng kompanya at kapalit niyon ay hindi ito magsasampa ng demanda.

Pumayag ang lolo ni Helena. Maayos itong businessman pero hindi ganoon kahusay. He was after all, a car designer—an artist. Pero dahil may share ito sa stock ay may financial responsibility ang matanda.

Sinabi ni Mateo sa kanya na malamang daw ay may nagawa nga itong mali at kusang-loob nitong tinanggap ang pagpapaalis dito sa kompanya. Ngayon, ang company stock na ibinenta nito kay Salvador ay multi-milyong piso na ang halaga.

Ang ina ni Helena ang tuwina’y nagrereklamo noong nabubuhay pa ito na siguradong na-frame up ni Salvador ang ama para makuha nito nang buung-buo ang kompanya.

Kung gusto niyang ayusin ang reputasyon ng abuelo ay ngayon ang panahon—at siya ang gagawa niyon—bago ito mamatay. Gusto niyang malaman ng kanyang lolo na wala talaga itong kasalanan upang wala itong dalahin sa magiging paglisan.

Wala itong ginawang pandaraya. Nararamdaman niya iyon. Inaasahan niya rin na mabigyan siya ng pagkakataong magtrabaho sa bahay ni Brent sa *Corinthian Gardens* pagkatapos ng cruise na ito sa Boracay. Napag- alaman niya kasi na nakatago sa basement ng nasabing bahay ang mga accounting books ng kompanya. Baka naroon ang ebidensyang magpapatunay na walang kinalaman ang lolo niya sa pandarayang nangyari.

## 2

Maalon ang dagat nang mga sandaling iyon at hindi kakayanin ni Helena ang ‘biyahilo’ kung hindi siya iinom ng gamot. Pero sinisinok siya pag umiinom ng generic medicine na dala niya at nagdodoble ang kanyang paningin. Kailan lang ay binigyan siya ng isang steward—si Art, ng gamot na ginagamit nito at napag-alaman niyang mas maganda ang epekto niyon sa kanya.

Tiningnan niya ang oras sa kanyang relo. Oras na para dalhan ng inumin ang kapitan ng yate. Tsaang gusto ni Capt. Belen. Hinawakan niya ang handrail nang bigla siyang mahilo. Hindi niya alam kung bakit tila pumalpak ang gamot na ininom niya kanina lang dahil sa halip na gumanda ang kanyang pakiramdam ay nahihilo siya. Napasimangot siya nang makita si Brent kasama ng kapitan.

“Ah, heto na ang tsaang ko,” nakangiti at malakas na sabi ni Capt. Belen nang makita siyang papalapit.

Hindi maintindihan ni Helena kung bakit parang ang layo ng dalawang lalaki sa kanya gayong noong nakaraan siyang maghatid ng tsaang ay napakalapit lamang ng control panel sa hagdanan. Ilang beses

niyang ipinikit-iminulat ang paningin. Ano ba ang mali?

Naroon si Brent, nakatingin ito sa kanya na para bang tinubuan siya ng isa pang ulo. Hindi na nakangiti ang kapitan sa kanya. Nang makalapit siya sa mga ito ay napabuntong-hininga siya. Ang hirap ng ginawa niya! Tumango siya sa may-ari ng yate.

“Kung alam ko lang po na nandito kayo ay ipinagdala ko kayo ng kape,” aniya. Hindi pa rin niya makuhang alisin ang ‘po’ sa pakikipag-usap dito.

“Okay ka lang ba, Miss Bernardino?” kunot-noong tanong ni Brent.

Napahapay siya sa biglang pag-alon ng dagat at muntik na niyang masagi ang kamay ng kapitan na may hawak na tasa ng tsaa.

“Oops!” Ipinilig niya ang ulo. “Sorry, Captain...” Tumawa siya. “Magagalit si Mr. Generoso kung napaso kayo ng inumin. We couldn’t have that, could we?”

“Miss Bernardino, nakainom ka ba?” Naroon ang pagkadismaya sa guwapong mukha ni Brent.

Ipinikit niya ang mga mata, nag-isip. “Hmm... sandali... uminom ba ako...?” Umiling siya. “Hindi. Ano nga ba iyong tanong?”

“Lasing ka nga. But you don’t smell drunk,” she heard him mutter. Naramdaman niyang hinila siya nito at inalalayan palayo sa control panel, palayo kay Capt. Belen. Napaluhod siya sa sahig. “Kaya mo bang maglakad?”

“Siy—empree! One year old pa lang daw ako, naglalakad na ako.” Bumagsak siya ulit. “No—problem.”

Naramdaman niyang ikinawit nito ang kanyang mga braso sa leeg nito. Nagrerehistro pa rin sa isip niya ang guwapo nitong mukha kahit gaano kasama ang pakiramdam niya. She loved his clean male scent. Itinaas niya ang paningin sa labi nito.

“May maliit kang scar dito, o,” aniya, hinawakan ang lower lip nito.

“Ganoon? Hindi ko alam,” sarkastiko nitong balik. “At araw-araw akong tumitingin sa salamin, hindi ko nakikita ‘yan.”

Halos hindi naman talaga mapansin ang scar na iyon sa kaliitan. “I’m gonna kiss it to make it better,” bulong niya. Then she brushed his lips with hers. Nang magtagpo ang kanilang mga labi, nakaramdam siya ng kakaibang sensasyon. A tingling warmth rushed through her body. It was strange, but nice.



Sandaling-sandali lang ang halik na iyon. Naglalakad na ulit sila, pagkatapos ay naramdaman niyang tumigil sila sa paggalaw.

“Ang init,” ani Helena. Tiningnan niya ang mga mata ng lalaking halos kayakap niya. Hindi niya masabi kung ano ang nababasa niya sa mga iyon. “Naiinitan ka ba?”

“Puwede ka nang bumitiw ngayon, Miss Bernardino.”

Tumingin siya sa paligid niya, hindi iyon pamilyar sa kanya. “Nasaan ako? Patay na ba ako?”

“Hindi, pero baka hilingin mong patay ka na pag natauhan ka,” anito. “This is my room.”

Inihiga siya nito sa kama. She took in the elegance of the bedroom. Ito nga ang master suite. Earth tones ang prevailing colors. Nalilitong bumaling siya kay Brent. Napakaganda ng mga mata nito, pero tila naniningkit ang mga iyon habang nakatingin sa kanya. Nagagalit ba ito o naguguluhan?

“Ano’ng sinabi mo?”

“Sabi ko, puwede mo na akong pakawalan. Sleep on my bed,” ulit nito na para bang tatlong taong gulang lamang siya.

Natigilan siya, bahagyang nagduda. Parang nagpipigil ng hininga si Brent. Ano kaya ang iniisip nito? Was this playboy seducing her? Ang walanghiya! “Mr. Generoso, I’ve heard of sexual harassment—”

“I’ve heard of it, too. Baka rin may matuloy na akong sampahan niyon.”

“Akala mo ba mabibili ng katawan mo ang pera ko?” Mali yata ang nasabi niya. Baligtad yata!

Umiling ito at tumayo nang tuwid habang nakatingin pa rin sa kanya. “Hindi mo siguro naiintindihan sa kondisyon mo ngayon, pero hindi ko alam kung alin ang cabin mo sa ibaba kaya dito kita dinala. Pag okay ka na, sana makalimutan mo na rin ang pag-uusap nating ito, para na rin sa kapakanan mo. Sa ngayon, magpahinga ka muna.”

“Lumabas ka na bago ako tumawag ng pulis,” aniya, itinuro ang isang kamay sa bandang pinto. “How dare you seduce me! May misyon ako sa biyaheng ito at hindi mo ako mabibili!”

Nakita niyang kumunot ang noo nito pagkatapos ay tinitigan siya. “Sisante ka na, Miss Bernardino.”

---

Nang magmulat ng mga mata si Helena ay

nag-iisa na siya sa silid. Naupo siya sa kama. Bakit nasa master suite siya? Imahinasyon lang ba niya na naroon si Brent kanina? Naipilig niya ang ulo, nahiga muli. Mabuti naman at hindi na siya seasick ngayon. Hindi niya namalayan na nakatulog na siya.

Bigla siyang napabalikwas. Napakasakit ng ulo niya at nakaka-torture kaysa nakakatakot ang napanaginipan niya. Hinalikan daw niya si Brent! Pagkatapos ay pinagsabihan niya raw ito sa pang-iisa sa kanya at pinalayas sa kanyang kuwarto.

Inilibot niya ang paningin. Napakalaki ng silid. Hindi ito ang kuwarto niya! Nakagat niya ang pang-ibabang labi. Ito ang master suite—ang suite ni Brent! May kuryenteng gumapang sa kanyang likod.

Bumaba siya sa kama at lumapit sa isang nakabukas na pinto. Ibinukas pa niya iyong lalo at napag-alamang isa iyong bathroom. May jacuzzi tub siyang natatanaw mula sa kanyang kinatatayuan. Dalawa ang banyo ng silid. Nagtungo siya sa sofa malapit sa kamang hinigaan niya kanina at naupo roon. Paano siya napapunta sa suite ni Brent?

*Oh, my God!* Hindi iyon panaginip. Talagang... hinalikan niya si Brent! Naisubsob niya ang mukha sa mga palad. Ang masaklap, totoong sinisante siya ng binata. Ano na ngayon ang gagawin niya? Hindi

niya dapat ininom ang gamot ni Art.

Tiningnan niya ang oras sa kanyang relo. Alas seis na, dapat ay isang oras na siyang nasa kusina para ihanda ang dinner. At ngayon, kahit sisante na siya, lahat ng taong nasa yate ay kakain pa rin. Napabuntong-hininga siya. Tumayo siya, pagkatapos ay nagsisi na ginawa niya iyon. Masama na naman ang pakiramdam niya. Wala na ang epekto ng gamot at maalon pa rin ang dagat.

Inumin niya kaya iyong generic medicine na nasa kusina? After all, kailangan pa rin niyang magluto. Okay lang na sinukin siya, huwag lang mawala sa sarili gaya ng nangyari kanina. Pagkatapos na pagkatapos niyang maayos ang hapunan ay hahanapin niya si Brent at hihingi ng paumanhin dito.

Nakikini-kinita na niya ang pagkadismaya sa mukha nito. Kung maaari lang ay huwag silang magharap. Pero para sa kapakanan ng kanyang lolo, hindi siya puwedeng maging duwag. Hindi niya ito puwedeng takbuhan.

Napakasimple lang ng naisip niyang plano noong umpisa. Papasok siya bilang chef sa mga Generoso, pagkatapos ay huhukayin niya ang katotohanan tungkol sa nangyaring pagpapaalis sa kanyang abuelo sa kompanya. Ngayon, kailangan niya pang

magmakaawa kay Brent para ibigay ulit ang trabaho niya—at pag pinagbigyan siya nito, baka iyon ang maging dahilan ng pagbagsak ng binata sa posisyon nito!

Hindi niya gawain ang manloko sa kanyang kapwa at ayaw niya sana talagang gawin iyon. Pero para sa kanyang lolo....

Tama. Magmamakaawa siya kung kailangan para makuha muli ang trabaho niya. Nagmamadali siyang lumabas ng suite at nagtungo sa kitchen. Pagdating sa pintuan niyon ay sinalubong siya ng aroma ng nilulutong lemongrass chicken. Kahit sa mahinang kondisyon niya ay sinasabi ng kanyang ilong na magiging masarap iyon.

Pagtulak niya ng pinto ay nagulat siya na makitang naroon si Brent, suot pa rin ang blue pants and shirt nito. Naghihiwa ito ng gulay at inilalagay iyon sa salad bowl.

Lumingon ito nang marinig ang pagbukas niya ng pinto. He eyed her critically. Napalunok si Helena. Isinara niya ang pinto.

“Kumusta ang pakiramdam mo?” tanong nito.

May concern ito sa kanya? Nakakapagtaka yata iyon. Isa pa, naghahanda ito ng dinner. Dahil

ba iniisip nitong lasenggera ang chef nito? Hindi siya makatingin sa mga mata nito. Umuugong ang ulo niya sa sakit at lumiliyok ang tiyan niya. Pero may kailangan siyang sabihin kung gusto niya pang makarating sa bahay nito sa *Corinthian Gardens*.

“Gusto kong mag-sorry, Sir. Tungkol sa nangyari kanina... magpapaliwanag ako.”

Kumuha ito ng isang pill bottle sa isang cabinet malapit sa ulunan nito. Ibinigay nito iyon sa kanya. “Uminom ka ng isa. Makakatulong iyan.”

Hanggang maaari ay ayaw na niyang uminom ng gamot ngayon dahil sa kalokohang nangyari kanina. “Ano ito?”

“Iyan din iyong gamot na ibinigay sa iyo ni Art, pero half lang ang dosage. Nang mabalitaan ni Art ang nangyari sa iyo ay sinabi niya sa akin na siya ang nagbigay sa iyo ng pills for seasickness. Tinawagan ko agad ang isa sa mga doctor namin sa Manila at sinabi niyang half dosage lang ang dapat sa babaeng kasing-size mo.”

Inalis niya ang lid ng pill bottle at napag-alamang hati na ang mga tabletas. “Sino’ng naghati nito?” Naalala niyang buong tableta ang ininom niya kanina kaya pala sumama ang pakiramdam niya.

“Ako.”

Napatingin siya rito. Nakakunot ang noo nito pero tila hindi naman para sa kanya. “You see, Miss Bernardino, nahusgahan kita kaagad kanina. Pasensya na.”

“Ibig... ibig mong sabihin hindi pa ako sisante?” Ang pagkakataon nga naman!

Ngumiti ito pero mukhang hindi masaya. “Hindi ako nagsisisante ng tao dahil lang nagkamali sila ng pag-inom ng gamot.”

Nawala ang bigat na nakapasan sa balikat ni Helena. Hindi na niya kailangang magmakaawa. “Thank you, Sir,” she said, feeling guilty. He was actually being nice. Hindi niya inaasahan iyon.

“Hindi sa nakikialam ako, pero hindi ka dapat umiinom ng gamot na hindi naman prescribed para sa iyo.”

“Yes, Sir... medyo may katangahan nga iyong ginawa ko,” pag-amin niya. Hindi na niya idinagdag na desperada na siya kanina na humanap ng gamot na uubra para magawa niya ang trabaho sa kusina.

“Take one of those. Siguradong wala na ang epekto ng ininom mo kanina at nakikita kong nahihilo

ka na naman,” paalala nito.

Pumunta siya sa lababo, kumuha ng baso sa cabinet sa itaas niyon, nagsalin ng tubig sa baso at ininom ang isang hati ng tabletas.

“Tama na ang dosage kaya inaasahan kong hindi mo na hahalikan ang mga pilat ko,” saad ng lalaki.

Namula siya sa pagpapaalala nito sa panghahalik niya rito.

“I’m sorry, very sorry about that, Mr. Generoso. Hindi na mauulit.”

“Ganoon ba ang ginagawa ng mga magulang mo kapag nasasaktan ka? Hinahalikan ka ba nila?”

Sinorpresa siya ng malumanay na pagtatanong nito, at humarap siya rito. “Bakit? Hindi ba ganoon ang ginagawa ng mga magulang mo?”

Wari ni Helena ay parang sampal dito ang tanong niya. Hindi ito sumagot. Iniiwas nito ang tingin, kumuha ng carrot mula sa lamesa at inumpisahang balatan iyon. “Nasaan ang mga magulang mo?” sa halip ay tanong nito.

Napansin niyang napunta ulit sa kanya ang usapan. “Namatay ang mama ko sa sunog noong quince años ako. Nag-asawa ulit ang papa ko at sa



Amerika na siya nakatira kasama ng bago niyang pamilya. Ang lolo ko na lang ang—” Nakuha niyang huminto sa pagsasalita. Baka pag nagpatuloy siya ay masabi niya rito ang totoong pakay niya. Para siyang isdang nahuli sa bibig pag nagkataon! Pero kailangang may sabihin siya para hindi ito magduda. “Ang lolo ko ang kadamay ko kapag nasasaktan ako,” dagdag niya. *At ngayon ginagawa ko ang lahat para mapawi ang sakit na idinulot ng pamilya mo sa kanya!*

“Nasaan ang lolo mo?” Inilagay nito ang sliced carrot sa bowl.

“Mr. Generoso, please,” aniya, napapahiyang hindi niya nagawa ang trabaho niya nang gabing iyon. Isa pa ay gusto niyang iwasan ang tanong nito. “Ako ang dapat gumagawa niyan.”

“Hiwain mo na lamang iyong mga pipino,” saad nito.

Tumabi siya rito at ginawa ang iniuutos nito.

“Magkuwento ka tungkol sa lolo mo, Miss Bernardino,” anang binata.

Nasasamyong niya ang aftershave nito at nawawala siya sa konsentrasyon kaya nagkuwento na rin siya para mai-focus ang isip. “Nasa resthouse namin siya sa Batangas.” Gusto niyang ito naman ang

magkuwento. “Ang mga magulang mo?”

Tumigil ang kamay nito na noon ay naghihiwa ng lettuce. “Wala na sila. They had a boating accident when I was seven. Hindi rin kami malapit sa isa’t isa.”

Palihim niyang sinipat ang mukha nito, at nakitang tumigas iyon, umigting ang expression. Para bang wala itong balak na ipagpatuloy ang pagkukuwento tungkol sa mga magulang nito. Iniba niya ang subject.

“Sino ang nagluto ng lemongrass chicken?”

“Ako.”

Buong akala ni Helena ay isa sa mga stewardesses ng yate ang gumawa niyon. “Ikaw?”

Kumuha ito ng hand towel at ginamit iyon. “May mga lalaki talaga na nagluluto.” Nasa tono nito ang pagli-lecture.

“I know. They say that the best chefs are men. I mean... you see... presidente ka ng isang malaking kompanya. And you cook!”

“I enjoy it. Wala nga lang akong oras para gawin ito.”

Tumingin siya sa paligid. Malinis din itong

magtrabaho. Walang nagkalat na pans, saucers, utensils at walang nabubong sabaw or sauces. The kitchen was spotless! Mas malinis ang kusina kaysa pag siya ang naroon.

“Hindi ba ganito kalinis kapag ikaw ang naka-duty?” tila tuya nito.

“In this regard, I would say that the end justifies the means. Pagkatapos ko namang magluto ay nasisiguro kong wala rin kahit isang bahid ng dumi ang kitchen,” pagtatanggol niya sa sarili. “At sigurado akong kasing-sarap din ng niluto mo ang maiperepare ko,” pagmamalaki pa niya.

---

Mas kalmado ang dagat nang sumunod na araw. Mag-a-alas-cuatro na ng hapon at dahil hindi naman komplikado ang gagawin niyang hapunan ay napagpasyahan ni Helena na isagawa na ang kanyang plano.

Humihiling kasi ang kanyang lolo na padalhan niya ito ng litrato nilang dalawa ni Brent. Pero paano niya gagawin iyon? Palagay niya ay makokontento na ang kanyang lolo sa litrato ni Brent kahit nag-iisa ito kaya kukuhanan niya ng snapshot ang binata gamit ang disposable camera na kanyang dala.

Narinig niya kasing lumabas si Brent sa opisina nito sa yate. Ayon sa crew na mas matagal nang naninilbihan sa binata, sa opisina lang ito naglalagi habang nagku-cruise kaya para rin itong nagtatrabaho kahit nakabakasyon. Mula sa hall ay nakita niyang tumungo ito sa nabububungang rear deck ng yate.

Sana ay nakatayo ito patalikod sa railing para makuhanan niya ito ng litrato mula sa crack ng double doors patungo sa aft deck na iyon. Hindi na nito kailangang malaman pa iyon.

Sumilip siya sa pinto. Mabuti. Naroon ito sa shaded lounge area na may wicker chair at slate-topped table. Malapit ito sa railing, pinapanood ang kabuuan ng yate.

White pants at navy blue crew neck shirt ang suot nito. Kumikinang ang buhok nitong nasisinagan ng araw. Nadako ang tingin ni Helena sa guwapo nitong mukha— ang matangos nitong ilong, ang magaganda nitong mata...

Nakakunot ang noo nito. Mas okay sana kung nakangiti ang binata, pero bihira niya itong makitang nakangiti. But smiling or not, he was still painfully handsome. Bago pa makapanaig ang pagwawala ng puso niya, itinaas na niya ang camera sa kanyang mga mata.

Noon ito lumingon sa direksyon niya. “Ano’ng ginagawa mo?” tawag nito.

“Ah... ano...” Nang ma-realize na wala na siyang lusot, lumabas na siya sa pinto at lumakad papunta sa deck. Iniangat niya muli ang camera. “Kukuhanan ko sana ng picture ang... ang dagat!” Totoo iyon. Kasama iyon sa kukuhanan niya ng litrato dapat.

Nagdududa ang expression nito. “Ano’ng meron sa dagat, Miss Bernardino?”

*Backdrop lang ang dagat... ikaw ang dapat nasa litrato.*

Sana ay hindi nito nakita ang pagngiwi niya. “Mahilig lang talaga akong kumuha ng picture ng dagat. Lumaki ako sa Batangas, alam mo ba?” Matalino ito. Maraming beaches sa Batangas. That would explain it.

“Gusto mo ba ng litrato para sa lolo mo?”

“Ah... oo, ganoon na nga.”

“Kukuhanan kita ng litrato para maipadala mo sa kanya,” volunteer nito.

Hindi iyon ang gusto niya! “S-sige, pero kukuhanan din kita ng litrato, ha?” aniya.

“Ako?” takang ulit nito.

Nagkibit-balikat siya. “Baka lang ’ika ko gusto ng lolo ko na makita kung sino ang boss ko. Marami na akong pictures ni Ma’am Carlotta.” Totoo iyon.

“Sigurado ako na mas gusto ng lolo mo ang picture mo kaysa sa picture ko,” ani Brent. Kinuha nito ang camera sa kanya. “Tumayo ka sa banda doon,” utos nito.

Ginawa ng dalaga ang sinabi nito pero hindi siya makangiti. Ayaw siguro nitong magpakuha ng litrato sa isang ordinaryong babae na gaya niya. After all, he was used to drop-dead beauties hanging on his arm. Saka na lang siya magnanakaw ng litrato nito.

“Hindi ka ba ngingiti, Miss Bernardino?”

Pinilit niyang ngumiti. Iniabot nito sa kanya ang camera pagkatapos.

“Sigurado kang hindi kita puwedeng kuhanan ng litrato?” tanong niya.

“Hindi ko gusto ang hitsura ko sa litrato,” simpleng sagot ng binata.

“Tama ka. Mas guwapo ka sa personal.”

“Talaga? Guwapo ba ako para sa iyo?” anito na

lihim na nangingiti.

“Ah... uhm, mas gusto ko ang lalaking mestizo,” pagkakaila niya. Wala na yata siyang makikilalang mas guwapo pa kay Brent. Hindi nga siguro ito mestizo pero hindi rin naman ito maitim!

“Ganoon ba?”

Tumango si Helena, nagsisimulang kumilos palayo rito. Nakakainis ang ginagawa nitong pagsagot ng tanong sa tanong niya. Wala itong ginagawang anuman, nakatayo lang doon, nakasuot ang isang kamay sa bulsa ng pantalon nito, pero pakiramdam niya ay kakainin siya nito nang buo! “Pupunta na ako sa kitchen,” mahinang sabi niya.

“Go,” saad nito, nagkibit-balikat pa.

Parang pinagtatawanan siya ng binata. She felt like a fool.

“Miss Bernardino,” muling tawag nito nang palabas na siya ng double doors. Ayaw man niyang gawin ay nilingon niya ito at hinarap. “Yes, Sir?”

Sa pamamagitan ng maikling pagtango ay sinenyasan siya nitong lumapit, pinababalik siya.

“Ano iyon, Mr. Generoso?” aniya nang makalapit. Paiiyakin ba siya nito sa kahihyan?

Sa halip ay napakagandang ngiti ang ibinigay nito sa kanya. “What the heck! Kuhanan mo ako ng litrato para sa lolo mo. Sigurado akong magugustuhan ko siya base sa mga kuwento mo. You did say na siya ang karamay mo, right?”

Tumango siya. Nanginginig ang mga kamay na iniangat niya ang camera sa kanyang mga mata. She felt guilty. Heto ang lalaking ito, iniisip na ginagawan nito ng kabaitan ang lolo niyang maysakit. Samantalang siya, ipapadala niya ang larawan sa matanda, kasama ng kasinungalingang: *Heto ang mahal kong asawa, si Brent.*

“May problema ba, Miss Bernardino?” untag ng lalaki. “W-wala!” bawi niya. She took a shot of him.

“Salamat.” Hindi niya makuhang tumingin sa mga mata nito pagkatapos niya itong kunan ng larawan. “This is good. Siguradong magugustuhan ito ng lolo ko.” Nagpaalam na siya na kailangan na talaga niyang magluto at dali-daling umalis.



# 3

Nag-dock ang yate ni Brent kinabukasan sa private pier ng mga Generoso sa likod ng hideaway ng mga ito sa Boracay. Sinamyo ni Helena ang mabangong hangin galing sa dagat.

Napakaganda ng paligid. May white beach sa palibot niya at kumikinang ang asul na tubig sa ilalim ng mabining araw. May walkway na tila yari sa dinurog na seashells. Maraming nagagandahang bulaklak sa lugar.

Wala nang gagawin sa kitchen. Narinig niyang itinatali ng crew ang yate. Ano kaya ang gagawin niya ngayong nakadaong na sila? May isang stewardess sa yate na naging kaibigan niya—si Ara. Kasingedad niya ang babae at sinabi nito sa kanya na may resident staff sa bahay ng mga Generoso sa Boracay kaya wala talagang gagawin doon ang mga crew members ng yate ni Brent.

Hindi iyon pabor kay Helena. Kailangang may ginagawa siya para hindi niya laging naiisip ang kanyang lolo—maysakit at humihina bawat araw. At naroon siya sa lugar na iyon, walang ginagawa para malinis ang reputasyon nito.

Mukhang maraming alam si Ara tungkol sa mga Generoso. May dalawang taon na umano itong nagtatrabaho sa yate. Ayon sa babae, nasa pagmamay-ari nina Brent ang bahay sa loob ng tatlung taon.

Napailing siya sa sarili. Wala sigurong files na nakatago roon. Impossible. Pero hindi rin siya magiging pabaya. Kung susuwertehin siya, hindi masasayang ang oras niya sa paglalakbay na iyon.

Naisip niyang bumaba na rin ng yate at maglakad-lakad sa tabing-dagat. Tatanungin niya si Brent kung maaari siya tumulong sa pagluluto at paghahanda sa malaking bahay. Mas mabuti na iyon kaysa wala siyang gawin.

Nang makarating siya sa lobby papunta sa deck, narinig niyang bumukas ang isang pinto at awtomatikong napalingon. Nakatayo roon si Brent, kalalabas lang ng opisina nito. White cotton pants at polo shirt ang suot nito. Mas tumingkad tuloy ang pagkaitim ng buhok ng binata.

Nakita niyang pinanood siya nito, bago tumango sa direksyon niya. Tinanguan din niya ito, hindi sigurado kung ano ang inaasahan nitong gagawin niya. Bakit ba ang simpleng tingin galing dito ay sapat na para kabahan siya?

What the heck! Ngayon na siya magtatanong. Lumapit siya rito. “Mr. Generoso, ano ba ang trabaho ko ngayong nandito na tayo sa resort ninyo?”

Itinuro ng binata ang exit. “Mag-usap tayo habang naglalakad,” mungkahi nito.

“Ah, ayaw ko pong abalahin kayo. Saka na lang po tayo mag-usap kapag hindi kayo nagmamadali,” aniya.

A lazy smile graced his handsome features. “Hindi ako nagmamadali.”

Pagdating sa exit ay binuksan nito ang pinto para sa kanya at pinauna siya. Lumabas siya sa nasisinagang deck ng yate at naunang bumaba sa metal na gangplank. Nasa stone steps na sila ng beach.

“Ang ganda dito,” komento niya, iniikot ang paningin sa paligid. Hindi niya maitago ang paghanga.

“Bahay ito ng parents ko,” tanging sabi nito.

“Hindi ka dito tumira kasama nila?” tanong niya.

“Sandaling panahon lang.” Itinuro nito ang daan. “Dito tayo.”

Tiningnan niya ito habang naglalakad sila.

Hindi nito kasama ang pamilya habang lumalaki?  
“Binibisita mo ba—”

“Hindi,” putol kaagad nito, tila warning na ayaw nito sa pag-uusisa niya.

He had a troubled expression on his face. Hindi niya alam kung dahil iyon sa mga alaalang hatid ng lugar o dahil sa inaalala ng binata ang board of directors nito.

“Miss Bernardino, para sagutin ang naunang tanong mo, mas komplikado ang staff ko dito sa resort. Just consider this week a paid vacation, okay?”

Hindi siya makaisip ng isasagot. Siyempre alam niyang inaasahan nito na magpapasalamat siya. The place was a tropical paradise. Pero hindi siya masaya. Isang ngiti ang nakuha niyang ibigay sa amo. Masasayang nga yata ang linggong ito. Nanuyo ang lalamunan niya sa inis sa sitwasyon.

Mag-a-alas dos na ng hapon at maganda ang sinag ng araw. Bumungad sa paningin nila ang isang well- manicured lawn. Siya pa rin ang nauuna sa paglalakad. Tumutunog ang mga shells sa ilalim ng kanilang mga paa sa bawat paghakbang nila. Tanaw na niya ang magandang bahay na Italian ang architecture.

Sa kabilang bahagi ng bahay ay may mga puno ng mangga. May pader din na naghihiwalay sa main house at sa beach.

May nabuong hinala sa isip niya. “Dito ba namatay ang mga magulang mo?” tanong niya, biglang nilingon si Brent. Kapareho niya ay napatigil ito sa paglalakad.

May dumaang emosyon sa mga mata nito pero kaagad ding nawala iyon. Nabigla si Helena nang hawakan nito ang braso niya.

“Ayokong pinanghihimasukan ang personal kong buhay, Miss Bernardino. Pero para sagutin ang tanong mo, no, they didn’t die here. The accident happened abroad.”

Halatang wala na itong balak ipagpatuloy ang usapan.

“Pasensya na, Mr. Generoso. Hindi ko sinasad—”

“May tanong ka pa ba tungkol sa pagtigil ng crew dito?”

Ni hindi man lang nito hinintay na makapag-sorry siya nang maayos. “Sino ang puwedeng kausapin kung saan ang magiging quarters ko? May makakasama ba ako sa kuwarto?”

“Ang katiwala dito sa malaking bahay, si Manang Rosy. Siya ang baha—”

“Helena!” sigaw ng isang pagaw na tinig mula sa malayo. Tinawag niyon ang atensyon nilang dalawa.

Kilalang-kilala niya ang boses na iyon. Kahit kailan ay hindi niya iyon makakalimutan. Ano ang ginagawa rito ng lolo niya? Bago pa man siya lumingon ay alam na ng dalaga na si Mateo Estrella ang tumawag sa kanya.

Nakita niya ang matanda sa shadowed terrace ng bahay. Mapait ang laway na nilunok niya. Ano ang ginagawa ng lolo niyang maysakit sa private resort ng mga Generoso? Baka ikamatay nito iyon!

Nalaglag ang puso niya nang makitang naglalakad ang kanyang abuelo palapit sa kanila gamit ang isang pamilyar na tungkod. Naroon ang mabait na mukha nito at ang nakakalbo nitong ulo. Tiningnan niya si Brent. Pinapanood din nito ang wari ba ay hirap na paglalakad ng lolo niya.

“Kilala ka niya,” anang binata. “Lolo ko siya,” aniya.

“Buong akala ko ay nasa Batangas siya. Di ba nagkuhanan pa tayo ng litrato?”

“Iyon din ang alam ko.”

Tinawag na siya ng matanda. Pagod na marahil ito. “Helena, Hija, halika. Hindi mo ba ako yayakapin? At iyang asawa mo, ang bago kong apo. Hayaan mong makamayan ko man lamang siya. Brent, Apo...”

Namutla si Helena. Bumaling siya sa amo at sigurado siyang nababasa nito ang panic sa mga mata niya. Hinawakan niya ang dalawang kamay nito. “Sir, magpapaliwanag ako,” aniya sa mahinang tinig. “Bago ka magsalita, sakyan mo lang muna ang usapan. Ang alam ng lolo ko ay mag-asawa tayo.”

“He thinks we’re married?” Pigil ng binata ang magtaas ng tono.

“May-sakit siya. Baka pag nalaman niya ang totoo ay mamatay siya.” Pakiramdam niya ay nanliliit siya dahil sa kasinungalingang mag-asawa sila ni Brent. “Pakiusap,” bulong niya. “Ipapahatid ko siya kaagad paalis dito. Mamaya din kung gusto mo. Just play along.”

“Nasisiraan ka na ba?” Tiningnan nito ang papalapit na matanda.

“Ewan ko.” Wala nang panahon para ipagtanggol ang sarili niya. “Sige na, akbayan mo na ako at kumaway ka sa kanya.”

Halu-halo ang expression sa mukha ni Brent. Halatang hindi ito makapaniwala na uutusan niya ito nang ganoon. Naroon din ang bahid ng galit sa mga mata nito. “Bakit mo sinabi sa kanya na mag-asawa tayo?”

“Mamaya na ang tanong, puwede?” malungkot na pakiusap niya. Tumatambol ang puso niya. Palapit nang palapit ang kanyang lolo. Alam niyang hindi pa sila naririnig nito, pero pag hindi niya napapayag si Brent sa plano niya—tapos na siya—tapos na ang plano niya!

Matigas pa rin ang mukha ng binata.

“Pangako. Pagkatapos na pagkatapos ng pag-uusap na ito, ihahatid ko siya sa airport. Kung gusto mo, dalawa pa kaming aalis dito sa resort mo.”

“Pagkatapos na pagkatapos?” paniniguro nito.

Sunud-sunod ang tango niya, nakakaramdam ng pag-asa. Ngumiti siya at kumaway sa matanda. “Pakiakbayan mo ako, Sir.” Tinawag niya ang abuelo sa mas malakas na tinig. “Lolo! Sinorpresa n’yo ako!”

Binilisan niya ang mga hakbang. Ayaw niyang mapagod pa ang lolo niya sa paglalakad. Nagulat si Helena nang bigla nga siyang akbayan ng ‘asawa’. Salamat naman at makikisakay si Brent. Kumakaway



pa nga ito.

“Salamat,” bulong niya.

“Ano’ng pangalan ng lolo mo?” tanong ni Brent, peke ang ngiti.

“Basta tawagin mo na lang siyang ‘Lolo’,” aniya. Nag-aalala siya na baka may maalala ang amo pag narinig nito ang pangalan ni Mateo Estrella. Pero hindi naman siguro. Napatalsik na ang kanyang lolo sa kompanya bago pa ipanganak si Brent. Iyon ang alam niya.

Pag napapayag niya ang kanyang lolo na umuwi kaagad pagkatapos nito, may pag-asa pang maisagawa ang plano niya. Iyon nga lang, baka totoong sisantehin na siya ni Brent sa ginawang pagsisinungaling na asawa niya ito. Pero mamaya na niya aalalahanin iyon. Mas concerned siya sa kalagayan ng matanda.

“Lolo,” aniya nang makarating sa tabi ng terrace, “hindi ko mapaniwalaang nandito ka.” Niyakap niya ito. Na-miss niya si Lolo Matt. Kung hindi siya nagpipilit na linisin ay pangalan nito ay makakasama niya sana ito nang mas matagal sa nalalabing panahon ng buhay nito. “Ano ba naman ang iniisip n’yo at pumunta kayo rito?” nag-aalalang sabi niya.

“Helena, Hija,” anito sa pagitan ng mabigat na paghinga, “simula nang ibalita mo sa akin na pinakasalan mo ang lalaking ito ay bumuti na nang bumuti ang pakiramdam ko.” Inabot nito si Brent. “Hayaan mong yakapin kita, Hijo.”

Napaatras si Helena, hindi sigurado kung pagbibigyan ni Brent ang hiling ng lolo niya.

“Tkinagagalak ko pong makilala kayo, Lolo,” anito na peke pa rin ang ngiti sa mga labi.

“Para itong isang pangarap na natupad, Hijo,” sagot ng matanda.

Kumunot sa noo ng binata. Saglit nitong tiningnan ang ‘asawa’. “Natutuwa po ako at mabuti ang pakiramdam n’yo, Lolo,” sabi nito.

Oh, goodness! Kapag may binanggit ang lolo niya tungkol sa lolo ni Brent na si Salvador ay sira na lahat ng plano niya. “Ah, Lolo, may kailangang tawagan si Mr. Ge—ang mister ko. At kailangan mong magpahinga.” Inalis niya ang pagkakahawak ng payat na kamay ng kanyang lolo sa braso ni Brent at pinilit na ngumiti. “Hayaan nating makatawag si Brent at tayo naman ang mag-usap.”

Kagat ang pang-ibabang labi, tiningnan niya ang boss, tahimik na nagsasabing: *Bilisan mong umalis...*

*alis na!*

Iritado ang tingin na ibinalik nito sa kanya, pagkatapos ay isang di-inaasahang ngiti. Tumango ito sa matanda. “Kailangan ko munang umalis, Lolo.” Nagulat siya nang yumuko ito at hinagip ang mga labi niya. “Sweetheart...” It was a fleeting kiss. Pagangat ng labi nito, ibinulong nito sa kanya, “Paalisin mo siya kaagad dito.”

Napag-alaman niyang alas ocho pa ng gabi ang huling flight pabalik ng Manila. Nakahinga nang maluwag si Helena nang sabihin sa kanya ng housekeeper na si Manang Rosy na ang tanging sinabi ng kanyang lolo ay may malaki itong sorpresa kay Brent.

Nag-usap sila sandali at nakatulog ang kanyang lolo sa silid na inilaan dito. Mamaya lang ay hapunan na. Siguradong inaasahan nito na magkakasabay silang kakain nina Brent.

Masyado siyang okupado ng presence ng kanyang lolo na hindi man lamang niya nakuhang bumalik sa yate at kuhanin ang mga gamit niya. Nakalimutan pa niyang itanong sa housekeeper kung saan ang kanyang kuwarto. Naroon lamang siya sa labas ng silid ng kanyang lolo, nagmamartsa, paroo’t parito.

“Miss Bernardino,” anang tinig ni Brent.

Napapitlag siya sa pagharap dito. “Yes, Sir?”

Sumandal ito sa dingding, nagdududang tumingin sa kanya. “Palagay ko ay alam mo na kung ano ang dapat nating pag-usapan.”

Tumango siya pagkatapos ay tumingin sa nakasarang pinto ng silid ng kanyang lolo. “Hindi ako makaalis dito, baka magising siya at—”

Itinuro ng lalaki ang glass patio doors sa likuran nito. Pinauna siya nitong maglakad at ipinagbukas muli siya ng pinto nang makarating sila roon. Bakit ba nagpapaka- gentleman pa ito gayong sasabunin din naman siya mayamaya lang? Kunwari pa nagpapakabait, pinapatagal lang ang pagdurusa niya.

Pagdating nila sa shaded patio, itinuro nito ang sofa. Naupo siya sa dulo niyon at inokupa naman nito ang isang armchair na malapit sa kanya. Hindi siya makatingin nang derecho sa binata kaya sa center table siya nakatingin.

“Miss Bernardino, seryoso itong ginawa mo,” umpisa nito.

“Alam ko iyon, Sir.”

Nagtatanong ang titig nito. “Bakit ka

nagsinungaling nang ganoon sa lolo mo?”

Wala siyang maisagot. Naririnig niya ang huni ng mga ibon sa labas. Waring nagtsitsismisan ang mga ito na may isang chef na masisibak sa trabaho.

“At bakit ako pa ang napili mo?” untag ng binata. “Hindi ba mestizo ang gusto mo?”

Nakatingin lang ito sa kanya, tila hindi naman siya kakainin. Baka may pag-asa pang maisalba ang trabaho niya. Nakisakay ito sa pagsisinungaling niya kanina, kung para lamang sa lolo niya. It proved that he could be compassionate if he chose to.

Palawig na nang palawig ang kasinungalingan niya. “Nagsinungaling ako dahil gusto ng lolo ko na makitang kasal na ako at masaya bago siya mamatay.” Ramdam niya ang pamumula ng mga pisngi. Nagkibit-balikat siya. “Pinili kita dahil... sa iyo ako nagtatrabaho.” Nag-iinit na talaga ang mukha niya. Sana ay hindi na lamang niya pinasok ang pakulong ito. Palala ito nang palala habang tumatagal. Sana tanggapin ng lalaki ang dahilan niya!

“May-sakit ba talaga ang lolo mo?”

Miserable siyang tumango. “Sabi ng doctor, pagod na siya... parang ayaw na niyang lumaban. Hindi naging madali ang buhay ng lolo ko, Mr.

Generoso.”

“Ganoon ba?” Pinanood nito ang mukha niya.  
“I’m sorry.”

“Thank you,” she replied.

“So, pauuwiin mo siya at hahayaan mong isipin niyang mag-asawa tayo hanggang sa—”

Napangiwi siya sa tono nito. “Ayokong mag-alala siya tungkol sa akin,” putol niya. “Hindi ko inisip na aabot sa ganito.”

“Naiintindihan ko ang ginawa mo, Miss Bernardino, pero kailangan mo ring intindihin na hindi ko makukunsinti ang staff ko na sabihin sa mga kamag-anak nilang maysakit na asawa nila ako.”

*Heto na... sisibakin na ako...*

Noon siya nakarinig ng ingay sa likod ng patio at nakita niyang lumabas ang kanyang lolo buhat sa kuwarto nito. “Naku!” Napatayo siya. “Si Lolo.” Nagpa-panic na tumingin siya sa amo. “Ano’ng gagawin natin?”

Tumingin si Brent sa matanda. Nakita na sila nito.

“Gaano katagal na tayong kasal?” tanong ng binata.

“Dalawang linggo,” sagot niya.

Nagulat siya nang hawakan nito ang kamay niya at hilahin siya paupo sa kandungan nito. “Then we’re on our honeymoon, Sweetheart,” anito.

Nanlalaki ang mga matang napatingin siya rito.

“Mamili ka,” anito, “hahalikan ba kita o tutunawin kita sa titig ko?”

Napakabilis ng pintig ng puso niya. “Titigan mo na lang ako,” aniya, hindi halos makapagsalita.

Ipinulupot nito ang braso sa baywang niya. He looked at her tenderly. There was a spark in his eyes that she could not identify. “Kung ito kaya?” Inilapit nito ang mga labi sa bibig niya.

Kahit alam niyang hindi totoo ang pang-aakit nitong iyon ay nadadala siya ng binata. Ginamit niya ang lahat ng makakaya upang huwag matuksong ilapat ang mga labi rito.

“Tama na, okay na iyong kanina,” aniya. Kinailangan niyang pilitin ang sarili na lumingon upang tiyakin kung maayos bang nakakalakad ang kanyang lolo. Nawala ang ngiti sa labi niya nang mapagsino ang kasama nito. “Oh, hinde...” Ang auntie ni Brent—si Carlotta ang naroon!

Bukod doon, marami pang kasama ang mga ito. Nakita niyang niyakap ni Carlotta ang kanyang lolo. *They must have known each other...*

Ibinuka niya ang bibig para magkomento pero hindi na siya nagkaroon ng pagkakataon. Pumasok na sa patio ang matandang babae kasama ang lolo niya at ang iba pang bisita.

“Malaking sorpresa nga ito. Ang apo ko at ang apo mo... Why, Brent! Bakit hindi mo sinabi na pinakasalan mo ang anghel ko sa kitchen?”

Noon lamang ito nilingon ni Brent.

“Sino iyong mga kasama nila?” Nahihiya na siya ngayon, maabutan ng napakaraming tao sa kandungan ng ‘asawa’.

He muttered a curse under his breath. “It’s my board of directors. Baka dumating nang maaga ang company plane.”

Nagsimula siyang kumilos para tumayo na, pero pinigil siya ni Brent.

“Huli na, Miss Bernardino,” bulong nito sa tainga niya, nakangiti. Lito ang tinging ibinalik niya rito.

“Bakit?”



*A Convenient Wife - Carolyn Weber*

---

“Mamaya na ang tanong, puwede?” He opted to use her own words. Hinapit siya nito palapit sa dibdib nito at hinalikan. Suddenly, the earth stopped spinning.